SAGISAG NG SANGGUNIANG BAYAN
BUSTOS, BULACAN

OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
by:
Date: 3-1-23 Time: 10:30

# KAPASIYAHAN BLG. 2023-39

**"NAGPAPATIBAY SA KAPASIYAHAN BLG. 06, S-2022 NG SANGGUNIANG KABATAAN NG BONGA MAYOR, BUSTOS, BULACANAN NA NAUUKOL SA TAUNANG LAANG GUGULIN (*ANNUAL BUDGET*) PARA SA TAONG 2023 NA NAGKAKAHALAGA NG PITONG DAAN PITUMPU'T DALAWANG LIBO, PITONG DAAN PITUMPU'T LIMANG PISO AT LIMAMPUNG SENTIMO (PHP772,775.50)."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Aljhaneal E. Quiñones**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Pananalapi, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan**

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Sangguniang Kabataan ng Bonga Mayor para sa kanilang *Annual Budget* na laang gugulin para sa taong 2023 na nagkakahalaga ng PhP772,775.50;

**SAPAGKA'T,** ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng mga kabataan ng Bonga Mayor at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kautusan ng Sangguniang Kabataan ng Bonga Mayor ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 06 S-2022 ng Sangguniang Kabataan Bonga Mayor, Bustos, Bulacan na nauukol sa taunang laang gugulin o *annual budget* para sa taong 2023 na nagkakahalaga ng Pitong Daan Pitumpu't Dalawang Libo, Pitong Daan Pitumpu't Limang Piso at Limampung Sentimo (PhP772,775.50).

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-13 ng Pebrero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Nina Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Virgilio S. Paglinawan**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

---

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-13 ng Pebrero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim